**SUPERIOR COURT OF CALIFORNIA**
COUNTY OF SAN MATEO
400 County Center
Redwood City, CA 94063

## PAANO MAGBAYAD NG MGA MULTA BUNSOD NG KRIMEN

**Sa loob ng 10 araw mula sa petsa ng kautusan:** Criminal Clerk's Office, 400 County Center, 4th Floor, Redwood City, CA , bukas nang 8am-4pm. Ang Clerk's Office ay tumatanggap lang ng buong bayad, sa pamamagitan ng cash, tseke, money order, o pangunahing credit card. Maghanda ng eksaktong sukli para sa cash na bayad. Maaari ka ring magbayad sa pamamagitan ng credit card sa aming portal para sa pagbabayad sa www.sanmateo.courts.ca.gov/portal.

**Pagkalipas ng 10 araw:** Makipag-ugnayan sa Unit sa Pagsingil ng Superior Court (Superior Court Collection Unit, SCCU), ang tagaproseso ng pagbabayad ng Superior Court ng San Mateo**,** na nakabase sa Ventura, CA. Maaari kang magbayad nang buo o mag-set up ng plan sa pagbabayad.

**Mga Opsyon sa Pagbabayad sa SCCU:**

- Credit Card – Tumawag sa 805-477-1084 - Ang mga oras ng tanggapan ay Lunes-Biyernes, 8am-5pm - ihanda ang iyong numero ng kaso
- Tseke/Money Order – Ipangalan ang tseke/money order sa Superior Court ng San Mateo, isulat ang iyong numero ng kaso at numero ng telepono sa tseke/money order, at ipadala ito sa:

**SCCU**
**Room 205, PO Box 6489**
**Ventura, CA 93006**

**Pakikipag-ugnayan sa SCCU:**
Maaaring tawagan ang SCCU sa telepono sa 805-477-1084, o sa pamamagitan ng pag-email sa superiorcourtcollections@ventura.courts.ca.gov

**PAKITANDAAN: Kung ang iyong kaso ay may kasamang kautusan para sa kabayaran sa biktima, dapat mo munang bayaran iyon. Tingnan sa ibaba.**

---

## PAANO MAGBAYAD NG KABAYARAN SA BIKTIMA – PROBATION, DIVERSION, O WALANG PROBATION NG HUKUMAN

Ang kabayaran sa biktima ay mababayaran sa Dibisyon ng Pananalapi ng Superior Court ng County ng San Mateo

**Mga Opsyon sa Pagbabayad:**

- Para magbayad sa pamamagitan ng credit card, pumunta sa secure na portal para sa pagbabayad sa www.sanmateo.courts.ca.gov/portal
- Para magbayad sa pamamagitan ng tseke o money order, ipangalan ang tseke/money order sa Superior Court ng San Mateo, at isama ang iyong numero ng telepono at numero ng kaso para sa tamang pag-credit, at ipadala ito sa:

**San Mateo Superior Court**
**Revenue Collections Unit / 4th Floor Finance Division**
**400 County Center**
**Redwood City, CA 94063**

**Pakikipag-ugnayan sa Unit ng Pangongolekta ng Kita:**
Para mag-set up ng plan sa pagbabayad o kung mayroon kang anumang tanong, maaari kang tumawag sa 650-261-5047 Lunes-Biyernes, 10am-3pm, o magpadala ng email sa vr@sanmateocourt.org

---

## PAANO MAGBAYAD NG KABAYARAN SA BIKTIMA – SINUSUBAYBAYANG PROBATION

Ang kabayaran sa biktima ay mababayaran sa Departamento ng Probation ng County ng San Mateo. Makipag-ugnayan sa iyong Probation Officer para sa mga opsyon sa pagbabayad.

Rev. 7/26/22